Ang Tao ay hindi Nakatayong Mag-isa

Si Julian Huxley, (1887-1975) isang kilalang manunulat na Briton ay hindi naniwala sa Diyos. Naniniwala siya na ang tao ay hindi nangangailangan ng Diyos, isang konsepto na ipinaliwanag niya nang maigi sa kanyang akalat na pinamagatang: Ang Tao ay Nakatayong mag-isa.

Kapansin-pansin na ang isang respetadong siyentipiko na Amerikano na si, Cressy Morisson, ay tumugon sa sinulat ni Huxley sa kanyang aklat na pinamagatang: Ang Tao ay hindi Nakatayong Mag-isa.

Sa panahon natin ngayon, maraming mga tao ang nagpapahayag ng pananaw na hindi nila kailangan ang Diyos; na ang tagumpay ay makakamit nila nang hindi naniniwala sa Dakilang Diyos. Ngunit kung ikaw ay magsasagawa ng pagsisiyasat, makikita mo na ang kanilang pananaw ay hindi mula sa pananaw na dulot ng katandaan sa buhay. Sa katotohanan, ang mga pananalitang ito ay dulot ng kawalang kaalaman dulot ng kabataan sa pag-iisip at ang karamihan sa kanila ay nasa edad apatnapu pababa. Ang mga pag-aaral na sikolohikal at biolohikal ay nagpakita na ang mga tao ay nagkakamit ng sapat na edad ng pagiging matanda pagdating nila sa middle age o halos apatnapung taong gulang. Bago pa ito, sila ay wala sa posisyon upang magkaroon ng matatag na pananaw sa mga katotohanan sa buhay. Ang mga survey ay nagpakita, na tunay na ang mga pabalat na sinabi tungkol sa diyos ng mga taong yaon ay dulot ng pagiging wala sa hustong gulang. Ngunit sa paglipas mula sa pagiging bata tungo sa pagiging matanda na kasabay nito ay ang pagkakamit ng mga karanasan at kaalaman, ang malaking bilang ng mga tao, kabilang na ang mga ateista o mga tumalikod sa Islam, ay naging mga seryoso sa kanilang pagtanaw sa usapin tungkol sa Diyos. Ang isang pilosopo ay nagsabi: Ang maliit na kaalaman ay naglalayo sa mga tao mula sa Diyos. Ang malaking kaalaman ay nagbabalik sa kanila tungo sa Kanya.

Ito ay ilan sa mga halimbawa upang mailarawan ang puntong ito.

Kunin nating halimbawa ang isang ambisyosong negosyante na nagsimula ng negosyo. Ang kanyang negosyo ay lumaki nang lumaki hanggang sa ito ay hindi na kayang pamahalaan. Ngayon ay naisip niya na ang ilang personal na limitasyon niya ang nagpipigil sa kanya na makamit niya ang kanyang mga pagnanasa at ambisyon. Siya ay nakaramdam na kailangan niya ng mas malawak na mundo upang matupad ang kanyang mga pangarap. Naramdaman niya na mayroon pang mas malakas na kapangyarihan kaysa sa kanyang sarili kaya, kung walang pagtulong ang kapangyarihang ito ay hindi niya maisasakatuparan ang kanyang mga plano.

Ang Plano ng Tao sa Buhay

Maraming mga tao ang nagsisimula sa buhay na may maraming ambisyon. Ngunit paulit-ulit, sila ay dumaraan sa mga karanasan na nagpapaalala sa kanila ng kanilang kahinaan. Sakit, aksidente, kawalan, kahinaan – lahat ng ito ay paulit-ulit na nagpapaalala sa kanila na ang kalagayan nila sa buhay ay ang hindi pagkakatupad ng kanilang mga pagnanasa. At pagkatapos ay makikita nila na, gaano man kadakila ang materyal na tagumpay ninuman, hindi mapipigilan na siya ay mamamatay sa loob ng 100 taon, at iiwan niya ang lahat ng kanyang kayamanan. Ang mga mapait na pagtatanto na ito ay nagpapakita na ang lahat ng matamis na panaginip ng kabataan ay nagmula sa kamangmangan. Dahil imposible na magkaroon ng kumpletong kasiyahan sa hindi kumpletong mundo sa kasalukuyan.

Ang layunin ng tao sa buhay – maging ito man ay sa pagkamit ng pera, o sa pagkakamit ng kasikatan o kapangyarihan o anumang nasa kanyang kalikasan – ay napatunayang may kulang. Matapos na ang tao ay makapagkamit ng mga bagay na ito, siya muli ay naghihirap sa pakiramdam na anumang makamit niya ay kapos sa kanyang mga inaasahan. Kaya siya ay nananatiling hindi kuntento tulad ng dati. Ang pagtatagumpay ay nagiging walang saysay tulad lamang ng hindi pagtatagumpay.

Sa paraang ito, sa takbo ng pang araw-araw na buhay, ang pakiramdam ng kahinaan ay dumarating sa tao. Ang kahinaan na ito ay maaaring ihambing sa uri ng kahinaan na kanyang nararanasan matapos ang pagmamasid sa kalawakan sa pamamagitan ng teleskopyo.

Ang Diyos: Pinagmumulan ng Pananalig

Kung ikaw ay mayroong malakas na teleskopyo na makakakita sa kabuuan ng kalawakan ay una mong makikita ang pambihirang planeta ng Earth. Mapapansin mo, na sa gitna ng sansinukob na halos walang buhay, ang maliit na planetang ito ay may kayamanan ng buhay at lahat ng uri ng mga elementong sumusuporta sa buhay. Ang pambihira at kagila-gilalas na tanawing ito ay nakakagulat na ikaw ay magtataka.

Makikita mo rin na ang Earth, kasama ang buwan nito at iba pang mga planeta ay patuloy sa paggalaw o pag-inog sa kanilang mga axis at pag-ikot sa paligid ng araw. At ang buong solar system ay umiikot din sa isang mas malawak na bilog sa galaxy. At ang galaxy na ito ay umiikot din sa isa pang mas malaking bilog sa iba pang mga galaxy.

Ang pagkilos ng mga bituin at mga planeta sa malawak at halos walang dulo na kalawakan ay lilitaw na kamangha-mangha at kakaiba sa iyong paningin. Makakakita ka rin kalaunan ng malalaking bola ng apoy na tinatawag na mga bituin, na umiinog nang mabilis.

Sa kalagitnaan ng lahat ng katawang pangkalawakan na ito , ang ating planeta ay hindi hihigit pa sa laki ng butil ng buhangin sa paghahambing. Ang lahat ng tanawin na ito ay magiging kakaiba sa iyo kaya ang iyong sariling pag-iral ay tila nagiging walang saysay at walang halaga. Ang lahat ng karanasan na ito ay magtutulak sa iyo sa pagtuklas ng dalawang bagay sa isang panahon. Una, ay mayroong makapangyarihang Diyos sa sansinukob na ito, na siyang Tagapaglikha nito at Tagapagtustos. Kung magagawa mong ulitin ang tanawing ito sa iyong isip, ang iyong puso ay agarang sisigaw na ang sansinukob ay malinaw na patunay ng Tagapaglikha nito. Pangalawa, mararamdaman mo na ikaw ay mahina at walang saysay na nilikha sa sansinukob na ito, at kung walang Diyos, ang iyong pag-iral mismo ay imposible. Ito ang pinakamahalagang katotohanan sa buhay. Kapag naunawaan ninuman ang katotohanang ito, siya ay boluntaryong tutungo palapit sa Diyos. Kasama ang buo niyang pagkatao, ang tao ay sisigaw: “Diyos ko, tulungan Mo ako. Dahil kung wala ang Iyong tulong, ang lahat ng bagay ay masisira.”

Ang Diyos: Ang Kapitan ng Buhay

Sa malawak na sansinukob, ang pinanggagalingan ng tao ng suporta ay ang Diyos. Sa pamamagitan lamang ng gabay ng Diyos na ang barko ng tao ay dumaong nang ligtas sa dalampasigan. Ang paniniwala sa Diyos ang pinakamahalagang bagay para sa tao. Ang tao ay wala kung wala ang paniniwalang ito.

Ang kalikasan ng bawat tayo ay palaging nagtutulak sa kanya na kilalanin ang pangangailangan sa Diyos. Kung wala ang Diyos, hindi tayo magtatagumpay sa buhay.

Ang posisyon ng tao ay higit na inilalarawan sa magandang halimbawang ito:

Isang daang taon na ang nakalipas, ang isang barko ay naglayag mula sa pampang ng America tungo sa Africa. Nang ang barko ay malayo na sa malalim na dagat, dumating ang isang malakas na bagyo. Ang barko ay umuga at niyanig. Ang lahat ng mga pasahero ay nasa kalagayan ng malaking takot at pangamba. Sa panahon na ito, ang isa sa mga pasahero ay nakakita ng isang batang babae na nakaupo sa gilid ng itaas ng barko. Siya ay naglalaro ng kanyang mga manika, at tila hindi nabubulabog ng bagyo. Sa pagkakakita rito ay nagtaka siya at nagtanong, ‘Alam mo ba kung ano ang nangyayari sa barko natin?’ Tumugon ito, ‘Anong problema?’ Ang pasahero ay nagsabi sa kanya na ang barko ay nasa gitna ng isang malakas na bagyo. Ang batang babae ay kalmadong tumugon, ‘Alam mo ba na ang tatay ko ang kapitan ng barkong ito? Hindi niya hahayaan na ito ay lumubog.’

Ang paniniwala ng batang babae sa kanyang ama ay nagligtas sa kanya mula sa pagiging biktima ng takot sa mahalagang panahon na ito. Pareho lamang ito sa isang relihiyosong tao. Siya ay nagiging parang bata sa pananampalataya sa kanyang Tagapaglikha, ang Dakilang Diyos. Ngunit ang kanyang pananampalataya ay mas matindi. Nang ang sakuna ay nagbanta, nasasabi niya nang may matinding pananalig na ang Dakilang Diyos ay ang kapitan ng barko ng kanyang buhay: hindi Niya hahayaan na lulubog ito sa anumang panahon o sitwasyon.

Ang pananalig na tulad nito ay ang kailangan ng tao sa buhay niya at ang Diyos ang tanging pinanggagalingan ng pananalig na ito.

Ang Tao ay hindi Nakatayong Mag-isa